## SO WHAT

- Papaano tumugon si Pablo sa katotohanan na hindi pa niya nakakamtan ang lahat ng bagay, na hindi pa siya ganap?
- Nahihirapan ka bang magpatuloy? Ano ang mga ilang bagay na pumipigil sa iyo na magpatuloy?
- Gayong si Jesus ang nanguna para sa ugnayan mo sa Diyos, papaano mo ipagpapatuloy ang lakbayin mo kasama Siya?

## NOW WHAT

- Aling mga praktikal na bagay ang magagawa mo upang maiwasan na patuloy na hindi umunlad at sa halip ay patuloy na lumago sa iyong lakbayin kasama ang Diyos?
- May mga bagay ba na kung saan kailangan mong magpatuloy pagdating sa iyong lakbayin kasama ang Diyos? Ano ang magagawa mo upang lumakas ang iyong loob na magpatuloy at huwag bumitaw?
- Mayroon bang ibang bagay na nakabatay ang iyong pag-asa maliban kay Jesus? Ano ang dapat mong gawin upang kay Jesus ka lamang umasa?

## PRAYER

- Manalangin para sa biyaya at kalakasan upang magpatuloy tungo sa pagsunod kay Kristo kahit ano pa man ang mga pangyayari at paghamon.
- Humiling sa Diyos para sa kakayahan na manalig kay Jesus lamang sa pagpatuloy mo sa iyong lakbayin kasama ang Diyos.
- Maniwala para sa pagbabago ng iyong puso na makakatulong sa iyong ituon ang lahat ng tiwala kay Jesus lamang.

VICTORY

Karapatang Pag-aari © 2013
Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan.
Ito ay hindi pinagbibili.
victory.org.ph

WEEK 3 **FILIPINO**

# Pag-asa kay Kristo




## NOTES

## CONNECT

- Nasubukan mo na bang mag-alaga ng alagaing hayop? Maaari mo bang ibahagi ang iyong karanasan?
- Anong kakayahan ang nais mo pang palaguin? Bakit?
- Nabitag ka na ba? Anong nangyari at paano mo nalampasan ang sitwasyon na ito?

## WORD

*[12] Hindi ko sinasabing nakamtan ko na ang lahat, o kaya'y naging ganap na ako. Sa halip, patuloy akong nagsusumikap para makamtan iyon, dahil ito ang layunin ni Kristo Jesus nang tawagin niya ako. [13] Mga kapatid, hindi ko sinasabing naabot ko na ang ganap na buhay. Ngunit ito ang ginagawa ko ngayon: Kinakalimutan ko na ang nakaraan at pinagsisikapan kong makamtam ang nasa hinaharap. [14] Tulad ng isang manlalaro, nagpapatuloy ako hanggang makamtan ko ang gantimpala na walang iba kundi ang pagtawag sa akin ng Diyos na makapamuhay sa langit sa pamamagitan ni Kristo Jesus.* FILIPOS 3:12-14

## WHAT

Ang bawat tunay na tagasunod ni Kristo ay sumasang-ayon na lahat ng disipulo ay nais maranasan ang espirituwal na paglago. Maging ito man ay sa ating pagkatao, o sa mga pag-uugali, o sa paraan ng pakikipag-ugnayan sa iba, lahat tayo ay nais lumago bilang pagbigay pansin sa tinapos ni Jesus at sa pagpapaubaya natin sa Banal na Espiritu na baguhin tayo. Papaano nga ba ito maisasagawa? Kung ating iisa-isahin ang Filipos 3:12, mauunawaan natin kung papaano.

### 1 "Hindi dahil nakamtan ko na ang lahat . . ."

*Sa halip, lumago kayo sa biyaya ng Diyos at sa pagkakakilala sa ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesu-Kristo. Purihin siya ngayon at magpakailanman! Amen.* 2 PEDRO 3:18

Nauunawaan ni Pablo na hindi pa tapos ang ginagawa ng Diyos sa kanyang buhay. Hindi pa niya naabot ang mga bagay upang "makamtan ang lahat o ang maging ganap." Tulad din ni Pablo na sa ating paglago mararanasan ang mga ito gaya niya (2 Pedro 1:5-8). Sino ang makakatulong sa ating patuloy na lumago sa ating lakbayin sa pananampalataya?

### 2 ". . . ako ay magpapapatuloy . . ."

*Tulad ng isang manlalaro, nagpapatuloy ako hanggang makamtan ko ang gantimpala na walang iba kundi ang pagtawag sa akin ng Diyos na makapamuhay sa langit sa pamamagitan ni Kristo Jesus.* FILIPOS 3:14

Hindi lamang nauunawaan ni Pablo na hindi pa niya nakamtan ang lahat, ngunit may pag-uugali rin siyang magpatuloy—at yan ay ang ilagay ang kanyang kamay sa araro at sumulong upang makamtan ang inilaan ni Jesus para sa kanya. Tulad din naman sa atin, sa pagpayag natin kay Jesus na hawakan ang ating mga buhay, kailangan din nating manalig sa Kanya at hindi kailanman sumuko kahit ano pa mang pangyayari at hamon ang ating haharapin. Ano ang isang pangako sa Bibliya ang nakakatulong sa iyo kamakailan na magpatuloy?

### 3 ". . . ito ang hangad ni Kristo Jesus na ako ay magpatuloy."

*. . . upang sa kanyang biyaya'y maituring tayong matuwid at makamtan ang buhay na walang hanggan na ating inaasahan.* TITO 3:7

Alam ni Pablo ang kanyang kinatatayuan at malakas ang loob niyang magpatuloy dahil sa isang makapangyarihang katotohanan—na si Jesus ang may hawak sa Kanya. Naintindihan ni Pablo na hindi niya maaaring ipagpatuloy ang ugnayan sa Diyos na sa sarili lamang; ang kanyang ugnayan sa Diyos ay nakasalalay lamang kay Jesus at sa ginawa Niya sa krus. Bakit tayo makakaasa ng ganap kay Jesus (Filipos 1:6)?